Mga Tuntunin sa Paggamit ng LiveBlood

Bersyon 1.0 · Petsa ng bisa: Sa pag-apruba ng Philippine Red Cross – Oriental Mindoro Chapter

Kung may hindi pagkakatugma, ang bersyong Ingles ang susundin.

Ang maikling bersyon

- Libre ang LiveBlood at kusang-loob at walang bayad ang pagdo-donate.
- Gabay lang ang eligibility check; ang staff sa drive ang huling magpapasya.
- Huwag gamitin ang LiveBlood sa emergency: tumawag sa ospital o sa 911.
- Magbigay ng totoong sagot at huwag ibahagi ang iyong password.

Ang mga tuntuning ito ang namamahala sa paggamit mo ng LiveBlood mobile app at website. Sa paggawa ng account, sumasang-ayon ka sa mga tuntuning ito at sa Abiso sa Privacy ng LiveBlood. Ang LiveBlood ay pinatatakbo ng Philippine Red Cross – Oriental Mindoro Chapter ("ang Council") at inaalagaan ng developer nito.

1. Ano ang ginagawa ng LiveBlood

Tinutulungan ka ng LiveBlood na:

- Alamin kung pasok ka sa mga pangunahing requirement para magbigay ng dugo
- Hanapin ang mga blood donation drive na malapit sa iyo sa Oriental Mindoro
- Makita kung aling blood type ang nauubos
- Makatanggap ng abiso tungkol sa mga drive, kakulangan ng dugo, at resulta ng iyong eligibility

2. Hindi medical advice ang LiveBlood

- Gabay lamang sa screening ang eligibility check, batay sa mga patakaran ng Council. Hindi ito nagda-diagnose ng anumang kondisyon.
- Ang blood service staff sa lugar ng donasyon ang gagawa ng huling desisyon kung puwede kang magbigay ng dugo, pagkatapos ng sarili nilang screening.
- Para sa mga alalahanin sa kalusugan, kumonsulta sa doktor.

3. Hindi para sa emergency ang LiveBlood

Huwag gamitin ang LiveBlood para humingi ng dugo sa oras ng emergency. Direktang tawagan ang ospital o ang 911. Ang stock ng dugo na ipinapakita sa app ay galing sa update ng mga ospital at maaaring may pagkaantala.

4. Sino ang puwedeng gumamit ng LiveBlood

- Para sa edad 16 pataas ang donor account.
- Kailangan ng nakasulat na pahintulot ng magulang o guardian ang mga donor na edad 16 at 17 bago magbigay ng dugo.
- Ang staff account ay ginagawa lamang ng administrator ng Council para sa awtorisadong staff.

5. Ang iyong account

- Magbigay ng totoo, kumpleto, at napapanahong impormasyon. Ang maling sagot tungkol sa kalusugan ay naglalagay sa panganib sa iyo at sa mga tatanggap ng dugo.
- Huwag ibahagi ang iyong password. Ikaw ang responsable sa lahat ng nangyayari sa iyong account.
- Isang account lamang bawat tao.
- Sabihan kami agad sa mindoro.oriental2@redcross.org.ph kung sa tingin mo ay may ibang gumamit ng iyong account.

6. Kusang-loob na donasyon

Kusang-loob at walang bayad ang pagbibigay ng dugo sa LiveBlood, ayon sa National Blood Services Act of 1994 (RA 7719). Hindi pinapayagan ng LiveBlood ang pagbili o pagbebenta ng dugo.

7. Mga patakaran sa paggamit

Sumasang-ayon kang hindi:

- Gagawa ng account para sa ibang tao o gamit ang pekeng pagkakakilanlan
- Magbibigay ng maling impormasyon sa health questionnaire
- Susubukang buksan ang datos, account, o bahagi ng sistema na hindi ka awtorisado
- Kokopya o mangongolekta ng datos ng ibang user
- Manggugulo sa sistema, mag-a-upload ng mapanganib na code, o magpapabigat sa serbisyo
- Gagamit ng LiveBlood para sa advertising, pangangalap, o anumang labag sa batas

8. Ligtas na pagkuha ng app

I-download lamang ang LiveBlood mula sa opisyal na website (https://omblood.com) o sa Google Play Store. Ang mga kopya mula sa ibang pinagmulan ay maaaring binago o hindi ligtas. May nakalistang checksum sa website na magagamit mo para matiyak na tunay ang iyong na-download.

9. Pagmamay-ari

Ang pangalan, logo, disenyo, at software ng LiveBlood ay pag-aari ng Philippine Red Cross – Oriental Mindoro Chapter at ng developer nito na si Jhon Michael V. Gillado, ayon sa kanilang nakasulat na kasunduan. Hindi mo puwedeng kopyahin o gamitin ang mga ito nang walang nakasulat na pahintulot.

10. Availability ng serbisyo

Sinisikap naming panatilihing gumagana at tama ang LiveBlood, pero hindi namin ginagarantiya na wala itong mali o laging available. Maaari naming i-update, ihinto pansamantala, o baguhin ang mga feature, at inaanunsyo namin sa app ang malalaking pagbabago.

11. Suspensyon at pagsasara ng account

- Puwede mong burahin ang iyong account anumang oras sa app sa Profile, Settings, tapos Privacy at data.
- Maaaring suspindihin o isara ng Council ang account na lumalabag sa mga tuntuning ito o naglalagay sa panganib sa mga donor, pasyente, o sistema. Kung posible, sasabihin namin sa iyo ang dahilan.

12. Limitasyon ng pananagutan

Hangga't pinapayagan ng batas ng Pilipinas, hindi mananagot ang Council at ang developer sa mga pagkawalang dulot ng pagkaantala ng impormasyon, pagkasira ng sistema, o mga desisyong ginawa batay sa nilalaman ng app. Walang bahagi ng mga

tuntuning ito ang naglilimita sa pananagutang hindi pinapayagang limitahan ng batas ng Pilipinas.

13. Batas na susundin

Sinusunod ng mga tuntuning ito ang mga batas ng Republika ng Pilipinas. Ang mga alitan ay dadalhin sa nararapat na hukuman ng Calapan City, Oriental Mindoro.

14. Mga pagbabago sa mga tuntunin

Kapag binago namin ang mga tuntuning ito, ia-update namin ang petsa ng bisa at aabisuhan ka sa app. Ang patuloy mong paggamit ng LiveBlood pagkatapos ng pagbabago ay nangangahulugang tinatanggap mo ang mga bagong tuntunin.

15. Kontak

Suporta: mindoro.oriental2@redcross.org.ph Mga alalahanin sa privacy: mindoro.oriental2@redcross.org.ph Address: Oriental Mindoro Provincial Hospital, Brgy. Sta. Isabel, Calapan City, Oriental Mindoro 5200